# Safety Check ng Ating Bahay




Para paghandaan ang mga biglaang sakuna, ugaliing i-check at ayusin ang kaligtasan sa loob at labas ng bahay araw-araw.

## Sa Labas ng Bahay

Kung nag-aalala ka sa tibay ng iyong bahay laban sa lindol, magpasuri sa isang eksperto (earthquake resistance diagnosis) at magpa-reinforce kung kailangan.

※Ang mga bahay na itinayo bago ang Mayo 31, 1981 ay maaaring mahina ang struktura laban sa lindol



☐ I-check din

**Mga pader na kongkreto・bakod**

I-check kung may mga sirang bahagi, lamat (cracks), o kung umuuga na ang bakod.

☐ I-check din

**Beranda**

Laging panatilihing malinis at organisado

☐ I-check din

**LPG / Gas Cylinder**

Siguraduhing nakatali o naka-secure nang matibay para hindi

### Bubong at Antenna



I-pa-repair o i-reinforce kung may lamat, umusog, o natuklap na bahagi ng bubong. I-check din kung umuuga ang antenna.

### Salamin ng Bintana



Magkabit ng shatter-proof film sa mga salamin para hindi magtalsikan kapag nabasag.

### Paligid ng Pintuan



Laging i-clear ang daanan at huwag mag-imbak ng mga gamit dito para madaling makalabas habang nag-e-evacuate.

**Mga hakbang sa kaligtasan para sa mga gusaling apartment**

**Pintuang pang-emerhensiya** Huwag maglagay ng mga mapanganib na bagay o anumang haharang sa harap ng emergency doors.

**Kagamitan sa pag-iwas sa sakuna** Alamin at tandaan kung saan nakalagay ang mga fire extinguisher o fire alarm sa mga pasilyo.

## Sa Loob ng Bahay


Marami sa mga nasusugatan kapag may lindol ay dahil sa natutumbahang muwebles, at ang magulong kwarto, mga bagay na nakakaharang sa mabilis na pagtakbo. I-check ang pwesto ng mga gamit at siguraduhing naka-secure ang mga ito.



Ang matataas na cabinet o bookshelves ay dapat i-secure gamit ang L-shaped brackets o tension rods. Ilagay ang mabibigat na gamit sa ilalim.

☐ **Tension Rods**

I-check din



☐ I-check din

Huwag mag-pwesto ng malalaking cabinet malapit sa pintuan o sa tapat mismo ng higaan mo.

☐ I-check din

Kung maaari, gumamit ng mga kurtina at sapin sa kama na fire-retardant o may anti-flame processing.

☐ I-check din

Huwag ding magpatong ng mga madaling mababasag na bagay sa ibabaw ng mga cabinet.

☐ I-check din


Mag-imbak ng tsinelas o sapatos malapit sa higaan para hindi masugatan sa mga basag na salamin.

☐ I-check din

Maglagay ng anti-topple stoppers sa ilalim ng mga muwebles para hindi ito dulasin o matumba pasulong.


Pantakip sa pinto (para sa mga aparador atbp)

☐ I-check din



I-secure ang cabinet gamit ang L-brackets, at latagan ng anti-slip sheets ang mga salansanan. Maglagay ng safety latches sa mga pinto ng cabinet, at lagyan ng protective film ang mga salamin nito.

### Refrigerator



I-secure ang refrigerator gamit ang mga safety straps/belt-type stoppers.

### Telebisyon at Computer



Ilagay ang mga ito sa mababang pwesto at gamitan ng anti-vibration gel pads/sticky mats.

### Kagamitan sa pagpapainit o heaters



Huwag maglalagay ng mga madaling masunog na bagay sa paligid ng mga heater.

○Subsidiya sa pagpapasuri ng tibay ng mga kahoy na bahay.
○Subsidiya sa pagpapatibay/structural repair ng mga kahoy na bahay.
○Programa para sa pagtulong sa pagkabit ng mga anti-topple devices sa muwebles.
○Subsidiya sa pagtatanggal o pag-aayos ng mga delikadong konkretong bakod.
○Subsidiya para sa fireproofing at barrier-free renovations.

Para sa mga Katanungan

Yamato City, Urban Development Department, Architectural Guidance Division (City Hall 4th Floor)
TEL 046-260-5422
FAX 046-264-6105